PAUNAWA NG ELEKSIYON

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang sumusunod na mga panukala ay pagbobotohan sa Espesyal na Eleksiyong Munisipal na gaganapin sa Lunsod ng Oceanside sa Martes, Hunyo 5, 2012.

Mga Panukala:

Pagtitibayin ba ang Ordinansa Blg. 11-OR0427-1, na nagdadagdag sa Seksiyon 16B16(e) sa Kodigo ng Lunsod ng Oceanside para sa layuning pagpapairal ng hindi pagkontrol ng bakante na nagpapahintulot sa pagtaas ng mga upa sa espasyo kasunod ng pagbebenta o pagkakaloob ng isang niyaring tahanan?	OO HINDI

[Ang buong teksto ng panukala ay maaaring makuha sa Opisina ng Klerk ng Lunsod at sa website ng Lunsod.]

at

Pagtitibayin ba ang iminungkahing pagsusog sa Saligang Batas ng Lunsod ng Oceanside, upang magtakda ng nabilang, naibotong mga pangkalahatang puwesto; magtatag ng isang unang serye ng eleksiyon sa Hunyo, at isang runoff na eleksiyon sa Nobyembre para sa anumang eleksiyon ng Hunyo kung saan walang kandidatong nakatanggap ng higit sa 50% para sa lahat ng mga ibinotong opisina, maybisa para sa Hunyo 2014 na eleksiyon; magtakda ng isang unang seryeng eleksiyon at runoff na eleksiyon kung walang kandidato ang nakatanggap ng higit sa 50% para sa anumang espesyal na eleksiyon na pupuno ng isang bakante o pampatiwalag na eleksiyon?	OO HINDI

[Ang buong teksto ng iminungkahing pagsusog sa panukala ay maaaring makuha sa Opisina ng Klerk ng Lunsod at sa website ng Lunsod sa www.ci.oceanside.ca.us.]

Sa Hunyo 5 ang mga lugar ng botohan ay magbubukas sa pagitan ng mga oras na ika-7 ng umaga at ika-8 ng gabi. Kontakin ang Opisina ng Klerk ng Lunsod para sa karagdagang impormasyon sa (760) 435-3000.

Barbara Riegel Wayne
Klerk ng Lunsod

Pinetsahan: Marso 16, 2012